## MABABAANG PAARALAN NG SAN ROQUE

## IKATLONG MARKAHAN - FILIPINO 2

# LAGUMANG PAGSUSULIT (SUMMATIVE TEST IN FILIPINO 2)

**Pangalan:** ______________________________________ **Iskor:** ___________

**Baitang at Pangkat:** ____________________________ **Petsa:** ___________

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa patlang bago ang bilang.

**Para sa mga bilang 11 - 15, basahin ang maikling kuwento:**

*Isang Sabado, masayang naglinis ng bakuran ang pamilya ni Lito sa kanilang tahanan sa Barangay Pag-asa. Abala ang lahat sa pag-aayos ng mga halaman at pagwawalis ng mga tuyong dahon. Biglang umulan nang malakas kaya hindi nila matapos ang paglilinis at nabasa ang mga inipong basura. Dahil dito, nagtulungan sina Lito at ang kaniyang ama na takpan ng tarpalin ang mga basura upang hindi ito kumalat. Nang huminto ang ulan, mabilis nilang natapos ang gawain at naging malinis at maayos ang kanilang bakuran.*

___ **1.** Sino ang kasama mo sa bahay na nag-aalaga at nagmamahal sa iyo mula pagkabata?

A. guro
B. pamilya
C. pulis
D. tindero

___ **2.** Sa asignaturang MAKABANSA, itinuturo ang pagmamahal sa bayan. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagiging mabuting mamamayan?

A. Pagtatapon ng basura sa ilog
B. Paggalang sa watawat ng Pilipinas
C. Pag-aaway sa palaruan
D. Pagpunit ng mga libro sa silid-aklatan

___ **3.** Araw ng Lunes, nakita ni Ana ang kaniyang guro na si Bb. Santos sa pintuan ng silid-aralan. Ano ang dapat niyang sabihin ayon sa natutuhan sa GMRC?

A. "Magandang umaga po, Bb. Santos."
B. "Paalam na po, Bb. Santos."
C. "Salamat po sa pagkain, Bb. Santos."
D. "Patawad po, Bb. Santos."

___ **4.** Si Carlo ay masipag mag-aral. _____ ay laging nakakakuha ng mataas na marka sa pagsusulit. Anong panghalip panao ang nararapat sa patlang?

A. Ako

B. Ikaw

C. Siya

D. Kami

___ **5.** "_____ ang gagamitin mong pangkulay sa iyong iginuhit na larawan?" Tanong ni Maya sa kaniyang katabi. Anong panghalip pananong ang angkop gamitin?

A. Sino

B. Ano

C. Saan

D. Kailan

___ **6.** Ang mangga na binili ni Nanay sa palengke ay matamis at kulay dilaw. Aling salita sa pangungusap ang salitang naglalarawan (pang-uri)?

A. mangga

B. binili

C. matamis

D. Nanay

___ **7.** Araw-araw ay masayang _____ si Ben ng malinis na tubig upang manatiling malusog ang kaniyang katawan. Anong salitang kilos ang angkop sa pangungusap?

A. umiinom

B. natutulog

C. nagsusulat

D. naglalakad

___ **8.** Alin sa mga sumusunod ang isang ganap na pangungusap?

A. Ang mabait na bata

B. Nag-aaral nang mabuti si Sofia.

C. Sa malaking palengke

D. Mabilis na tumakbo

___ **9.** Alin sa mga sumusunod ang isang di-pangungusap (lipon ng mga salita lamang)?

A. Nagluluto si Inay ng masarap na hapunan.

B. Ang mga makukulay na bulaklak sa hardin

C. Si Ben ay nagwawalis sa bakuran.

D. Pumunta kami sa parke kahapon.

___ **10.** Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng payak na pangungusap na paturol o pasalaysay?

A. Masayang naglalaro ang mga bata sa parke.

B. Bakit ka umiiyak?

C. Naku! Nahulog ang baso!

D. Pakikuha mo naman ang aking bag.

___ **11.** Batay sa maikling kuwento sa itaas, sino-sino ang mga pangunahing tauhan sa narrative text?

A. Si Bb. Santos at ang kaniyang mga mag-aaral

B. Si Lito at ang kaniyang pamilya

C. Ang kapitan ng barangay

D. Ang mga kapitbahay ni Lito

___ **12.** Saan at kailan naganap ang mga pangyayari sa kuwento (tagpuan)?

A. Sa paaralan noong Lunes

B. Sa bakuran ng pamilya ni Lito sa Barangay Pag-asa noong Sabado

C. Sa palengke noong Linggo

D. Sa parke noong Biyernes

___ **13.** Ano ang naging pangunahing suliranin ng pamilya ni Lito habang naglilinis ng bakuran?

A. Nawawala ang kanilang mga kagamitan sa paglilinis.

B. Biglang umulan nang malakas habang nagliligpit ng basura.

C. Nasira ang gate ng kanilang bahay.

D. Dumating ang maraming bisita sa bahay.

___ **14.** Nagkaroon ng malakas na ulan habang naglilinis sila. Ano ang naging BUNGA o epekto nito sa kanilang ginagawa?

A. Lumabas ang bahaghari at naglaro sila.

B. Hindi nila agad natapos ang paglilinis at nabasa ang mga basura.

C. Pumasok sila sa bahay at natulog na lamang.

D. Kumain sila ng meryenda sa bakuran.

___ **15.** Kung ikaw si Lito, paano mo maipakikita ang magandang katangian ng pagtulong sa pamilya kapag may hindi inaasahang problema tulad ng pag-ulan?

A. Pumasok agad sa loob ng bahay at iwanan ang ama na nag-iisa.

B. Tumulong sa pagtatakip ng tarpalin upang hindi kumalat ang basura.

C. Umiyak dahil nabasa ng ulan ang damit.

D. Manood na lamang ng telebisyon sa loob ng silid.

## SUSI SA PAGWAWASTOHAN (KEY TO CORRECTION)

| Aytem | Tamang Sagot | Kasanayan / Pokus |
|---|---|---|
| 1 | **B** | High frequency word - pamilya |
| 2 | **B** | Salitang pangnilalaman - MAKABANSA |
| 3 | **A** | Salitang pangnilalaman - GMRC (Paggalang) |
| 4 | **C** | Panghalip Panao (Siya) |
| 5 | **B** | Panghalip Pananong (Ano) |
| 6 | **C** | Salitang Naglalarawan / Pang-uri (matamis) |
| 7 | **A** | Salitang Kilos / Pandiwa (umiinom) |
| 8 | **B** | Pangungusap (may kumpletong diwa) |
| 9 | **B** | Di-pangungusap (lipon ng mga salita) |
| 10 | **A** | Payak na Pangungusap na Paturol/Pasalaysay |
| 11 | **B** | Elemento ng Tekstong Naratibo - Tauhan |
| 12 | **B** | Elemento ng Tekstong Naratibo - Tagpuan |
| 13 | **B** | Elemento ng Tekstong Naratibo - Suliranin |
| 14 | **B** | Tekstong Naratibo - Sanhi at Bunga |

| | | |
|---|---|---|
| 15 | **B** | Katangian ng Tauhan / Solusyon sa Suliranin |

## TALAHANAYAN NG ESPESIPIKASYON (TABLE OF SPECIFICATION - TOS)

### Baitang 2 - Filipino (Ikatlong Markahan)

| Mga Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competencies) | Rem. | Und. | App. | Ana. | Eva. | Cre. | Kabuuan | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa (a) sarili at pamilya (b) tiyak na paksang may tuon sa nilalaman | 1 (Q1) | - | - | - | - | - | **1** | **6.7%** |
| 2. Nakikilala at nagagamit ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA) | 1 (Q2) | 1 (Q3) | - | - | - | - | **2** | **13.3%** |
| 3. Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto: salitang pamalit sa ngalan (a) | - | - | 2 (Q4, Q5) | - | - | - | **2** | **13.3%** |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| panao (b) pananong | | | | | | | | |
| 4. Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto: salitang naglalarawan | - | 1 (Q6) | - | - | - | - | **1** | **6.7%** |
| 5. Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto: salitang kilos | - | - | 1 (Q7) | - | - | - | **1** | **6.7%** |
| 6. Natutukoy ang pangungusap at di-pangungusap | - | 2 (Q8, Q9) | - | - | - | - | **2** | **13.3%** |
| 7. Natutukoy ang payak na pangungusap batay sa gamit (a) paturol/pasalaysay | - | 1 (Q10) | - | - | - | - | **1** | **6.7%** |
| 8. Naibibigay ang batayang elemento ng tekstong naratibo (tauhan, tagpuan, suliranin, sanhi at bunga, katangian/solusyon) | 2 (Q11, Q12) | 1 (Q13) | - | 1 (Q14) | 1 (Q15) | - | **5** | **33.3%** |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **KABUAN (TOTAL)** | **4** | **5** | **3** | **1** | **1** | **0** | **15** | **100%** | |